

Ano ang ibig sabihin ng pagiging Muslim?

Ang Islam ay hindi lamang isang relihiyon—ito ay isang paraan ng pamumuhay. Ito ay isang landas ng kapayapaan, katiwasayan, at moral na kahusayan. Ito ay isang pananampalataya na nag-uugnay sa mananampalataya sa Tagapaglikha at nagbibigay ng gabay sa bawat aspeto ng buhay. Sa puso ng Islam ay ang Tawhid—ang paniniwala sa kaisahan ni Allah. Ang isang Muslim ay kinikilala na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah, ang Lumikha at Tagapanustos ng lahat ng bagay. Kasabay nito, naniniwala ang mga Muslim sa lahat ng mga propetang nauna, kabilang sina Noe, Abraham, Moises, at Hesus, at sa huling sugo, si Muhammad—nawa’ y sumakanila ang kapayapaan at pagpapala. Naniniwala rin ang mga Muslim sa mga banal na kasulatang ipinahayag sa mga propeta, kung saan ang Quran ang huling at pinakaganap na rebelasyon. Naniniwala sila sa mga anghel, sa Araw ng Paghuhukom, at sa Banal na Kapasyahan (Divine Decree), na nagtuturo na ang lahat ng nangyayari ay ayon sa kagustuhan at karunungan ni Allah.

Ang Islam ay itinayo sa limang haligi na nagpapalakas ng pananampalataya at nagpapadalisa ng kaluluwa:

Shahada—pagpapahayag ng pananampalataya sa kaisahan ni Allah at sa propetang si Muhammad.

Salah—pagdarasal ng limang beses sa isang araw upang makipag-ugnayan kay Allah.

Zakah—pagbibigay ng kawanggawa upang padalisayin ang kayamanan at matulungan ang nangangailangan.

Sawm—pag-aayuno tuwing Ramadan upang mapaunlad ang disiplina sa sarili at pasasalamat.

Hajj—paglalakbay patungong Mecca para sa mga may kakayahan, isang paglalakbay ng espirituwal na pagbabagong-buhay.

Ang puso ng isang Muslim ay nakakahanap ng kapayapaan sa paggunita kay Allah sa pamamagitan ng mga

simpleng ngunit makapangyarihang salita:


SubhanAllah—Luwalhati kay Allah

Alhamdulillah—Papuri kay Allah

La ilaha illa Allah—Walang ibang diyos kundi si Allah

Allahu Akbar—Si Allah ang Pinakadakila

Ang mga salitang ito ay nagbibigay-liwanag sa puso at kapanatagan sa kaluluwa.



Ang Islam ay isang paraan ng pamumuhay na nagtuturo ng kabaitan, katapatan, pagtitiyaga, at kababaang-loob.

Inuutos nito ang paggalang sa mga magulang, pagpapalakas ng ugnayan ng pamilya, at pagiging bukas-palad sa kapwa.

Itinataguyod nito ang katarungan at pagiging patas, at sinisigurado ang dignidad ng lahat, kabilang ang mga karapatan ng kababaihan sa edukasyon, kalayaan sa pananalapi, at katayuang panlipunan.

Ang Islam ay kumakatawan sa katarungan at kalayaan, tinitiyak na ang personal na karapatan ay hindi nakakasakit sa iba.

Ipinagbabawal nito ang kawalang-katarungan, panlilinlang, at pang-aapi. Ipinapahayag nito ang mapayapang pakikipamuhay sa lahat ng pananampalataya, na may diin sa pagiging patas, paggalang, at habag.

Para sa mga tunay na naghahanap ng katotohanan nang bukas ang puso, ang Islam ay tinatanggap sila nang may kalinawan at karunungan.

Inaanyayahan nito ang lahat na magmuni-muni, magtanong, at unawain ang mensahe nito ng kapayapaan at gabay. Ang Islam ay isang landas tungo sa katuwiran, panloob na kapayapaan, at kasiyahan. Ito ay isang mensahe ng pananampalataya, moralidad, at pandaigdigang paggabay.

Ang sinumang taos-pusong naghahanap ng katotohanan ay matutuklasan sa Islam ang isang paraan ng pamumuhay na magdadala sa kanya sa kaligayahan dito sa mundo at sa Kabilang Buhay.



Ako ay isang Muslim

